

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 29, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.INFO, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ay Nag Aalok ng Tulong para sa Pag-aplay ng Seguro sa Medikal ng Estado

Long Beach, CA – Ang mga karapat-dapat makatanggap ng Medi-Cal o Covered California ay maaaring makatanggap ng tulong sa pag-aaplay at mga impormasyon tungkol sa mga programa ng pangangalaga ng kalusugan mula sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach.

Ang parehong mga programang ito na pinamamahalaan ng estado ay nag-aalok ng pag-access sa pangunahing pangangalaga, paggamot sa emerhensiya, at serbisyong pangkalusugan ng kaisipan sa lahat ng kwalipikado.

“Ang pagkakaroon ng pag-access sa pangangalagang pangkalusugan ay mas mahalaga sa panahong ito kaysa sa dati,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Para sa mga maaaring kwalipikado para sa Medi-Cal o Covered California, ang aming lungsod ay nakatuon sa pagtulong sa inyo na mag-aplay at maging pamilyar sa mga opsiyon sa pangangalagang pangkalusugan.”

Maaaring humingi ng tulong mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa 562.570.7979. Ang mga Sertipikadong Tagapayo ng Enrolment ay nagsasalita ng Ingles, Espanyol, at Khmer. Ang mga tao ay maaari ring magpadala ng mga katanungan sa coveredlb@longbeach.gov.

“Alam namin na marami ang nag-aalala tungkol sa kakayahang makakuha ng pangangalagang pangkalusugan,” sabi ng Direktor ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao na si Kelly Colopy. “Ang Kagawaran ng Kalusugan ay nakatuon sa pagbibigay ng impormasyon at tulong, hindi lamang tungkol sa COVID-19 kundi pati na rin sa iba pang mga malulubhang isyu sa kalusugan, kabilang ang seguro.”

Enrolment para sa **Medi-Cal** ay maaaring ma-access buong taon, at karamihan sa mga programa ng Medi-Cal ay walang bayad o copay. Tumatagal ng mga 45 araw ang pagproseso ng aplikasyon at sa ilang mga kaso, ang mga aplikante ay maaaring

makatanggap ng hanggang tatlong buwan ng retroactibong medikal para makatulong na mabayaran ang mga hindi pa bayad na mga gastos sa medikal.

Bilang resulta ng pandemiya ng COVID-19, ang panahon ng pag-enrol para sa **Covered California** ay pinalawak hanggang Hunyo 30 sa mga karapat-dapat na mga indibidwal na walang segurong pangkalusugan na nangangailangan ng pangangalaga sa kalusugan. Ang saklaw ay nagsisimula isang buwan matapos ang enrolment. Ang Covered California ay tumutulong na gawing mas abot-kaya ang mga bayad sa premium at mga out-of-pocket na gastos.

Kung mayroon kang karamdaman na nangangailangan ng atensyong medikal bago maaktibo ang saklaw ng pangangalaga sa kalusugan, mangyaring bisitahin ang **Rapid Assessment Clinic (RAC)**, ito ay isang libreng klinika na nagbibigay ng panggamot para sa mga karaniwang karamdaman tulad ng mga impeksyon sa ihi o mga sakit sa tainga. Ang klinika ay binubuo ng mga tauhan mula sa Long Beach Medical Reserve Corps - isang grupo ng mga propesyonal ng medikal na nagboluntaryo galing sa ating komunidad.

Ang RAC sa Long Beach City College Pacific Coast Kampus(1305 E. Pacific Coast Hwy) ay bukas mula 10 a.m to 4 p.m., pitong araw sa isang linggo. Ang mga indibidwal ay maaaring makatanggap ng libreng pagsusuri at panggamot para sa mga karaniwang karamdaman, pati na rin ang bago at mga pinabagong pangkaraniwang reseta, sa pamamagitan ng pag-walk-in.

Para sa pinaka bagong impormasyon sa COVID-19 at mga detalye ukol sa mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatili ang kaligtasan ng kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter, at Instagram.

###